

## Sipat-suri-lapat sa pagdalumat sa mga sebvano novelty songs

Nacorda, Rey Francis ✉

DepEd- Mandaue City Division, Philippines ([reyfrancis.nacorda@deped.gov.ph](mailto:reyfrancis.nacorda@deped.gov.ph))

Mandado, Juliet O.

Cebu Technological University-Main, Philippines ([juliet.mandado@ctu.edu.ph](mailto:juliet.mandado@ctu.edu.ph))



ISSN: 2243-7703  
Online ISSN: 2243-7711

OPEN ACCESS

Received: 25 March 2023

Revised: 6 April 2023

Accepted: 12 April 2023

Available Online: 12 April 2023

DOI: 10.5861/ijrse.2023.25

### **Abstract**

The aim of this study is to identify and analyze the (1) cultural elements, (2) historical context, and (3) usage of language of Max Surban's Sebvano Novelty Songs: Pasayawa ko Day, Albularyong Buta, Mr. Kodaker (Ang Maniniyot), at Sabungero that will serve as a reference for teachers in applying teaching methods to promote the cultures embedded in the song for Grade 7 learners. The data were describe using the descriptive or narrative method. The selected novelty songs were analyzed using content analysis and descriptive portrayal by Creswell (2009). From the gathered data, it was discovered that the novelty songs feature expressions of humor followed by sarcasm, melody, and comparison were creative language is use and labeling were also evident. It was also found that Max Surban's Novelty Songs cover various topics such as courtship, beliefs in traditional healers, fishing, and cockfighting. Finally, the study revealed that Max Surban's novelty songs reflect the culture of the Visayan region such as courtship, beliefs in traditional healers, fishing, cockfighting culture, and hospitality. These findings indicate the integration of mimetic and sociolinguistic concepts in the analyzed songs. The study recommends further research on local literature to strengthen localized and contextualized teaching.

**Keywords:** cultural elements, historical context, usage of language, local literature, folk songs

## Sipat-suri-lapat sa pagdalumat sa mga sebvano novelty songs

### 1. Panimula

Ang pagtuturo ng panitikan ay isang magandang halimbawa ng pagpapalawak ng kaalaman at karanasan ng mga mag-aaral. Ito ay isang epektibong kasangkapan para sa pagpapaunlad ng mga makrong kasanayan ng mga mag-aaral. Ayon kay Kartashkova & Belyaeva (2022), ang panitikan ay salamin ng pag-uugali at kultura ng mga tao. Ito rin ay nagpapayaman sa bokabularyo ng bawat isa.

Ang salitang novelty ayon sa diksyunaryo ay nangangahulugang “new or unusual” at “the state or quality of being novel: newness” (Merriam-Webster, 2018). Ngunit mayroong isang bagay na bago sa bawat oras, na dahilan din kung bakit ito kakaiba. Ayon sa pag-aaral ni Toledo (2018), maraming mga tao ang nahumaling sa mga novelty songs noong 2000s dahil naglalaman ang mga ito ng mga liriko na may nagpapahiwatig na kahulugan, bukod pa sa pagbibigay ng libangan at pagpapasikat sa mga partikular na lumikha nito.

Ang Pilipinas ay isa sa mga bansa ng Timog-Silangang Asya na mayaman sa panitikan. Dahil sa nahahati sa iba't ibang isla ang Pilipinas, nagkaroon ito ng iba't ibang anyo ng panitikan tulad ng mga awiting-bayan, kuwento, tula, nobela at iba pa na nakasulat sa iba't ibang wika gaya ng Sebvano, Ilokano, Hiligaynon, at marami pa. Isa sa mga panitikang repleksyon ng kultura ng bansa ay ang mga awiting bayan. Masasalamin dito ang wika at kultura ng Pilipinas. Isa sa mga naging suliranin ng mga panitikang nakasulat sa wikang bernakular ay hindi gaanong nabibigyang-pansin sapagkat karaniwang ginagamit sa mga paaralan ay ang mga nakasulat sa wikang Tagalog at Ingles kaya nanganganib ang mga itong mawala.

Sa kasalukuyan, ang bagong sistema ng edukasyon sa Pilipinas ay nakatuon sa multilinggwalismo. Ang multilinggwalismo ay hindi ang dahilan ng pagkamatay ng mga wika, ngunit ang mga patakarang pangwika na nagbibigay ng pagkakataon sa wika na magamit nang mas malawak. Sa katunayan, ito ay muling binubuhay ang lokal na wika ng bansa, Filipino at iba pang mga wika na umiiral sa bansa. (Amparo, 2020). Napakikilala nito ang yaman ng wikang lokal sa pagtuturo lalong-lalo na isinusulong din ng K-12 kurikulum ang kontekstwalisasyon at lokalisadong pagtuturo.

Ang lokalisado at kontekstwalisadong pamaraan ng pagtuturo ay binibigyang-pansin ngayon sa sistema ng pagtuturo sa Pilipinas upang makasabay ang mga mag-aaral at madaling maunawaan nila ang konteksto ng paksang pinag-aaralan. Ayon kay Gadong (2017), ang lokalisasyon at kontekstwalisasyon ay mga mahahalagang dulong sa pagpapatupad ng K-12 Basic Education Curriculum. Ninanais nitong mas mapagaan at maging makabuluhan ang pagtuturo ng mga abstraktong konsepto at proseso gamit ang mga bagay na pamilyar at makabuluhan sa mga mag-aaral. Dagdag pa niya, nilalayon nito na mapaunlad ang pagbibigay-halaga ng mga mag-aaral sa kulturang umiiral sa kanilang komunidad.

Sa pagbibigay-diin sa lokalisasyon at kontekstwalisasyon ng pagtuturo, ipinalabas ng Commission on Higher Education (CHED) ang CMO NO. 20 series of 2013 na nagsasaad na ang mga institusyong tersyarya ay maaaring isali sa pagtuturo o kurikulum hindi lamang ang tungkol sa wikang Filipino at Ingles kundi maging ng iba pang wika sa Pilipinas tulad ng Sebvano, Hiligaynon, Ilokano, Pangasinense, Bikolano at kabilang na rin ang mga wikang umiiral sa ibang bansa upang makasabay ang mga bagong gradweyt hindi lamang sa rehiyunal arena kundi maging sa buong mundo. Hindi lamang ang Kagawaran ng Mataas na Edukasyon ang nagbibigay-pansin sa kontekstwalisasyon at lokalisadong pagtuturo kundi maging ang Kagawaran ng Edukasyon. Sa katunayan, nagpalabas sila ng DepEd order 35, series 2016 na nagsasaad na ang gabay ng mga guro sa pagtuturo at ang mga kagamitan ng mga mag-aaral sa pagkatuto ay maaaring imodipika na naaayon sa natatanging konteksto ng isang partikular na lokalidad.

Sa kasalukuyan, walang gaanong nagsasagawa ng pag-aaral sa mga Panitikang rehiyunal ng Pilipinas

sapagkat ang mga panitikang nagmula lamang sa sentro ng bansa ang karaniwang ginagamit na lunsaran at sanggunian sa mga aklat na nakalimbag sa Pilipinas. Ayon kay Gilbas (2020), ang pag-aaral sa rehiyon ay napakahalaga para sa pag-unlad ng isang bansa. Binigyang-diin niya na walang sinuman ang makakakuha ng totoo at kumpletong larawan ng kasaysayan ng Pilipinas o ang impluwensya sa kultura ng bansa maliban kung may matagumpay na pagtatangka na kolektahin at mapanatili ang mga datos sa kasaysayan, linggwistika at kultura ng iba't ibang rehiyon at lahi ng bansa.

Sa kabuoan, ang pag-aaral na ito ay naisagawa ayon sa isa sa mga layunin ng Kagawaran ng Edukasyon na makikita sa *Most Essential Learning Competencies* sa pagtuturo ng Filipino 7 na matukoy at masuri ang mga kulturang nakapaloob sa awiting-bayan ayon sa: (1) elementong kultural, (2) pangnilalamang kasaysayan at (3) gamit ng wika na magsisilbing sanggunian ng mga guro sa paglalapat sa pagtuturo.

## 2. Pamamaraan

Ang pag-aaral na ito ay ginawa sa pamamaraang kwalitatib. Ginamitan ito ng deskriptibong pamamaraan upang masuri ang nilalaman sa piling Sebvano novelty songs at sinuri ang mga datos sa pamamagitan ng pagsusuring pangnilalaman. Ito ay pagsusuri at pagpapakahulugan ng mga pinapahayag na teksto sa isang akdang pampanitikan na pag-aaral. Sa pagsusuri sa mga piling novelty songs ni Max Surban sa ng pag-aaral na ito, ginamit ang pamamaraan ni Creswell (2009) sa pagsusuri ng datos na kinapapalooban ng tatlong hakbang: Unang Hakbang ay ang Pagsipat sa Sebwanong Novelty Songs; Ikalawang Hakbang ay ang Pagsusuri sa mga Pangnilalamang Konsepto ayon sa pagsusuri sa elementong kultural, pagsusuri sa pangnilalamang pangkasaysayan at pagsusuri sa gamit ng wika at Ikatlong Hakbang naman ay ang Pagbuo ng Modelo. Dagdag pa nito, ito rin ay isang sistematikong pag-aanalisa ng mga nilalaman ng isang akdang isinulat at pag-aaral ng mga tematiko at simbolikong elemento upang mabatid ang layunin o kahulugan ng isang kaisipan. Ginamitan ang pagsusuri ng novelty songs ng mga talahanayan. Sa tulong ng mga talahanayan, naging malinaw ang paglalahad ng mga datos at pagbibigay interpretasyon sa mga ito.

## 3. Resulta at pagtatalakay

Sa bahaging ito, ipinapakita ang mga nasuring pangnilalamang konsepto na kinabibilangan ng elementong kultural, pangnilalamang kasaysayan; at gamit ng wika na pinalulutang sa mga piling taludturan o liriko ng apat na kilalang novelty songs ni Max Surban. Ito ay ang mga sumusunod: Pasayawa ko Day (w.p.), Albularyong Buta (1983), Mr. Kodaker (Ang Maniniyot) (1985), at Sabungero (2010).

### Talahanayan 1

#### *Pagsusuri sa Elementong Kultural*

Piling Awitin	Elementong Kultural			
	Paniniwala	Pagpapahalaga	Norms	Simbolo
1. Pasayawa Ko Day	Tradisyunal na Panliligaw	Pagpapahalaga sa Pagiging Konserbatibo	Folkway	Pag-ibig
2. Albularyong Buta	Paniniwala sa mga Tradisyunal na Albularyo	Pagpapahalaga sa mga naninirahan kalikasan		Espesyal na kapangyarihan
3. Mr. Kodaker	Paniniwala sa masamang pangitain sa kuha ng mga camera/larawan	Pagpapahalaga sa sining ng paniniyot o photography		Hanapbuhay at Sining
4. Sabungero	Paniniwala sa masamang dulot ng sugal na sabong	Pagpapahalaga sa Pamilya	Laws	Paghihirap

Sa Talahanayan 1, magaganap ang pagsusuri sa mga pangnilalamang konsepto ayon sa elementong kultural ng mga piling novelty songs ni Max Surban. Inilahad ang datos sa tulong ng mga talahanayan. Ito ang nagbibigay daan sa payak na paglalahad ng mga datos.

Ang pangnilalamang konsepto ay nagpapahiwatig sa mga sangkap ng awitin o akdang pampanitikan na nakatuon sa elementong kultural, pangnilalamang kasaysayan, at gamit ng wika. Sa tulong ng konseptong pangnilalaman natutukoy ng mga mambabasa ang mga sandigang kultura o tradisyon ng mga ito maging ang mga kasaysayan at kung paano ginamit ang wika upang ganap na maiparating ang mensahe nito sa lahat.

Inilahad sa bahaging ito ang pagsusuri sa elementong kultural. Nasa ibaba ang unang talahanayan na naglalahad sa mga sangkap ng kultura tulad ng paniniwala, pagpapahalaga, norms at simbolo na sumibol sa mga piling awitin ni Max Surban.

Ang kultura ay naglalaman ng mga kagawian, paniniwala, at pamantayan na binabahagi ng mga tao sa isang partikular na lipunan. Ito ay nagbibigay ng mga gabay sa pagpapasiya ng mga tao tungkol sa mga bagay-bagay sa buhay at nagbibigay rin ng mga modelo sa kanila para sa kanilang mga kilos at pag-uugali. (Mabilin, 2021). Ayon din kay Zeus Salazar mula sa pag-aaral ni Bacalla 2021, ang buod ng pantayong pananaw ay nasa panloob na pagkakaugnay-ugnay at koordinasyon ng mga katangian, pagpapahalaga, kaalaman, karunungan, gawi, pag-uugali at karanasan ng isang kultural na kabuuan - isang kabuuan na nakabalot sa wika at sa pamamagitan ng wika; ibig sabihin, sa loob ng balangkas ng isang malayang diskurso/diskursong pangkultura o sibilisasyon. Iminumungkahi lamang nito ang halaga ng paggamit ng wika upang ipapalutang ang mga elemento ng kultura at historikal ng mga akda. Gamit ang wika, nalalantad sa mga akdang pampanitikan ang karunungan at kaalaman ng mga manunulat.

Sa pagsusuri sa paniniwala sa mga piling awitin ni Max Surban, pinalulutang sa mga ito ang paniniwala sa tradisyonal na panliligaw, paniniwala sa tradisyunal na albularyo, paniniwala sa masamang pangitain sa kuha ng mga camera/larawan, paniniwala sa masamang dulot ng sugal na sabong at pagiging hospitable ng mga Pilipino.

Ayon kay Roxas (2021), ang paniniwala ay tumutukoy sa mga kahulugan at pagpapaliwanag kung ano ang pinaniniwalaan at tinatanggap bilang totoo. Maaari itong ituring na batayan ng halaga ng isang grupo o lipunan sa kabuuan. Ang pananampalataya ng isang indibidwal o isang grupo ng mga tao ay nakakaapekto sa mga problema at hamon sa lipunan.

Ang awiting Pasayawa Ko Day ay isang awitin na nakasentro sa pagpupursige ng binata sa panliligaw sa kanyang napupusuan babae. Kahit na tinataboy na siya ay hindi pa rin siya huminto sa panunuyo sa babae. Ito ang tradisyunal na paraan ng panliligaw ng mga binatang Pilipino na dumadaan muna sa pagsubok at hindi agad-agad sinasagot ng mga dalagang Pilipina. Sa katunayan ayon nga kay Fortunato (2017), Sa tradisyonal na pamamaraan ng panliligaw, dumaraan ang mga lalake sa mahigpit na pagsubok at pagkilatis hindi lamang ng babaeng nililigawan pati ng mga magulang.

Sa Pilipinas, ang panliligaw ay isang tradisyon kung saan ligawan ng isang lalaki ang isang babae. Masalimuot at mabusisi ang proseso ng panliligaw. Manong "pasuotin sa butas ng karayom" ang magkasintahan para ipakita ang kanyang determinasyon at "malinis na intensyon" sa babaeng nililigawan niya. Sapagkat nagiging manliligaw ang isang babae, ang pamamaraan ay ang panliligaw din sa mga magulang at pamilya ng babae at minsan ang mga kaibigan nito. Maraming hirap ang pinagdadaanan ng magkasintahan, pisikal, sikolohikal o pangkabuhayan, para makamit ang "matamis na oo" ng kanyang nililigawan, mula kay Pangan (n.d.).

Ayon kay Tyson et al. (2018), ang panliligaw ay isang mahalagang bahagi ng kultura ng Pilipinas. Simula sa panahon ng mga Kastila hanggang sa ating kasalukuyan, Ito ay isang yugto ng relasyon na lubos na pinahahalagahan at hindi maaaring lampasan. Ang panliligaw ay may malalim na ugat sa kulturang Pilipino tulad ng maraming bagay, ang konsepto ng panliligaw ay nakakaapekto sa ating pang-araw-araw na buhay at sumasalamin sa kultura at lipunang ating kinabibilangan. Sa kasalukuyan ay unti-unti na ring nagbago ang paraan ng panliligaw ng mga kabataan. Nahaluan na ito ng ibang dimension dahil na rin sa pag-usbong ng mga makabagong teknolohiya. Kung minsan, dinadaan na ang panliligaw sa pamamagitan ng social media.

Ang awiting Albularyong Buta ay sumasalamin sa kultura ng mga Pilipino na naniniwala sa mga albularyo na kanilang takbuhan sa tuwing nagkakasakit sila. Ang albularyo ang nagsisilbing doktor sa mga lugar na malayo sa siyudad o walang propersyunal na doktor na naninirahan. Ayon kina Del Castillo & Alino (2020), likas sa mga Pilipino na mapaniwalain o naniniwala sa mga sa mga ispiritu na kung tawagin ay anitos at engkanto na namumugad sa mga bundok, kweba, dagat at bato/(ung kaya'tnapakadali para sa mga Pilipino ang makipag-usap o makipag-ugnayan saganitong uri ng lakas nanakatutulong sa kanilang panggagamot. Sila ay sikat lalo na sa mga maralita dahil sa kanilang ito ay abot-kayang pagpapagamot. Madalas silang nakikita at nakapila sa mga baryo o barangay. Sila ay nagtataglay ng kaalaman sa paggamit ng halamang gamot upang makapag paggaling ng iba't ibang sakit lalo na sa pilay at bali sa buto.

Ayon kay Cerio (2020), sa lipunang Pilipino na *underdeveloped*, sa rural man o sa urban na lunan, kadalasang iniuugnay ang duwende o anumang lamang-lupa sa mga sakit na hindi maipaliwanag ng albularyo o katutubong manggagamot. Ito ay isang manipestasyon ng kakulangan ng mga mamamayan, sa kanayunan man o sa lungsod, ng wastong kaalaman sa medisina at agham. At higit sa lahat, malaking porsiyento ng mga Pilipino ang walang pagkakataong magpatingin sa doktor para magpamot. Sa kasalukuyan, marami pa ring mga Pilipino ang sumasandal sa panggagamot ng mga albularyo. Kahit na umunlad na ang Pilipinas ay hindi pa rin ito mawawala hangga't may tumatangkilik at hangga't may naniniwala pa rin sa gawaing ito. Ang albularyo ay bahagi na ng kulturang Pilipino at identidad na rin ng lipunan ng Pilipinas.

Ang awiting Mr. Kodaker ay nagsasalaysay sa buhay ng isang dating nagtatrabaho bilang *manananggot o tagagawa ng tuba* na naging maniniyot o photographer. Ang salitang maniniyot ay nagmula sa salitang na "siyot" (or to film, to photograph, to shoot). Mula ito sa salitang mangsisiyot na naging maniniyot dahil sa pagbabagong morpo-nemikong asimilasyong ganap. Likas sa mga Pilipino ang mahilig kumuha ng litrato. Bawat anggulo ay kinukuhanan ng larawan at bawat lugar na napupuntahan ay nairirekord sa tulong ng larawan. Ang pagkuha ng larawan ay hindi lamang isang sining kundi ito rin hanapbuhay ng nakararaming Pilipino. Lahat ng selebrasyon sa buhay ng mga Pilipino ay kinukuhanan ng larawan tulad ng pinyag, pista, kasal, kaarawan, at iba pa. Kumukuha o nagbabayad pa ang iba ng mga maniniyot o photographer upang makuhanan ang ang mga ito. Hindi maiiwasan na ang trabaho ng mga maniniyot ay mahahaluan ng mga kababalaghan. May iilan na nararanasan na may hindi naisasali sa larawan. Ito ay nangangahulugang may masamang mangyayari. Isa ito sa pamahiing pinaniniwalaan ng mga Pilipino.

Ayon nga kina Cruz at Manarang (2020) na nakagisnan na ng mga Filipino ang maniwala sa mgapamahiin kahit na hindi ito nabigyang paliwanag ng mga nagdaan ng henerasyon at patuloy parin itongginagamit na batayan sa pamumuhay ng marami. Ang pamahiin ay mahalaga sa mga Pilipino dahil ito ang nagbibigay kahulugan sa mga bagay na nangyayari tulad ng mga likas na trahedyas.

Ang awiting Sabungero ni Max Surban ay umiikot sa buhay ng isang taong nalulong sa pagsusugal sa manok. Hindi lang kanyang buhay niya ang kanyang sinira kundi maging ng kanyang pamilya. Ipinakita rin nito na nawawala ang respeto ng mag-asawa dahil sa masamang dulot ng sugal ng pagsasabong. Ang sabong ay isa sa mga hindi magandang kultura ng Pilipinas dahil sa masamang dulot nito sa pamilyang Pilipino. Ang sabong ay hindi nagsimula bilang sugal. Ito ay isa lamang laro. Nagsisilbi lamang itong pampalipas oras ng mga Pilipino.

Sa Pilipinas, unang naitala ang sabong nang matuklasan ni Ferdinand Magellan ang Pilipinas noong 1521. Bago pa man ito nakita at naitala ng mga mananakop na Kastila, ang sabong ay naging isang uri ng libangan. Ngunit nang maglaon ay nagkaroon na ito ng pustahan na hindi na lamang pampaaliw kundi naging hanapbuhay na rin ng iba. Dahil sa paglala ng sugal na sabong, nilagdaan ni dating Pangulong Ferdinand Marcos ang "Cockfighting Act of 1974" noong 1974 para kontrolin ang sabong sa Pilipinas at ginagawa lamang ito sa mga lisensiyadong cockpit arena. Hindi na naging maganda ang dulot ng pagsusugal sa sabong sa mga Pilipino lalong-lalo na ng mga pamilyado, ayon kay Cabadsan (2019), sa mga sabungero, ang pagsasabong ay pang-aliw lamang nilang gawain, nagbibigay rin ito sa kanila ng madaliang mapagkuknan ng pera lalo na kapag nanalo, at ito rin ay nagpapatibay ng kanilang relasyong sosyal sa kanilang mga kaibigan nanahihilig din sa manok. Sa

kabilang banda naman, inilahad ang pagkadismaya ng mga asawa ng mga nahihilig sa pagsasabong na ang kanilang pampalipas oras ay nakaapekto sa kanilang badyet sa pamilya at nahahati din ang oras ng kanilang asawa na para sa pamilya. Ang iba pa nga ay humahantong sa away. Ito rin ang naging esensya ng awiting Sabungero ni Max Surban.

Bilang kabuoan, mababakas talaga natin na ang mga akdang pampanitikan tulad ng novelty songs ni Max Surban ay salamin sa tunay na buhay ng mga Pilipino. Ito nga ay tunay na pinalulutang ng paniniwalang mimetiko na nanggagay sa kung anuman ang katotohanang nararanasa ng manunulat sa kanyang lipunang ginagalawan. Maliban dito, pinairal din nito ang pagiging sosyolingguwistiko ng kanyang mga awitin na nagpapalutang sa ugnayan ng wika at lipunan sa pagbibigay buhay sa kultura ng isang lahi at ito ay nakamit sa tulong ng panitikan.

Sa pagsusuri sa pagpapahalagang ipinahihiwatig ng mga piling awitin o novelty songs ni Max Surban, natuklasan na pinalulutang sa mga ito ang sumusunod: pagpapahalaga sa pagiging konserbatibo, pagpapahalaga sa mga naninirahan kalikasan, pagpapahalaga sa sining ng paniniyot o photography, at pagpapahalaga sa biyayang dala ng kalikasan.

Ang pagpapahalaga ay isa sa mga elemento ng kultura na hindi maaring mahihwalay sa paniniwala ng isang lipunan. Ito ay makikita bilang pundasyon ng isang grupo o lipunan sa kabuoan ng kung ano ang katanggap-tanggap at kung ano ang hindi. Ang pagpapahalaga ay makikita bilang pundasyon ng isang grupo o lipunan sa kabuoan sa mga tuntunin ng kung ano ang katanggap-tanggap at kung ano ang hindi.

Ang awiting Pasayawa Ko Day ay nagpapahiwatig ng pagpapahalaga ng pagiging konserbatibo ng mga babaeng Pilipina na kung saan hindi basta-basta nagpapaakit sa iba't ibang manliligaw bagkus binibigyan ito ng pagsubok. Mababakas ito sa liriko ng awiting nasa ibaba.

*“Pasayawa ko Day  
Sayaw lang sa uban  
Ikaw ma’y gusto ko  
Nganong ako nga anaa may uban  
Magsayaw-gyud ta Day  
Di ko lagi kay wa ako’y gusto”*

Sa proseso ng panliligaw, ang isang tradisyunal na Pilipina ay inaasahan na "hard to get" o hindi basta-basta bumibigay. Pinapakita ng mga dalagang Pilipina sa kanilang kilos na hindi sila interesado, na hindi malandi, at ipinapangingibabaw ang buong kakayahan na pagpigil, kahinhinan, pagkamahihiyain, mabuting pag-aalaga, at may control sa sariling emosyon sa kabila ng may malaking damdamin para sa kanyang tagahanga. Ito ang pagpapakita ng pagiging konserbatibo. Isang pag-uugali ng kultura itinuturing na angkop habang nililigawan. Ang pag-uugali na ito ay nagsisilbi bilang isang kasangkapan sa pagsukat ng katapatan ng manliligaw (Amat, 2020). Ang pagiging konserbatibo sa kasalukuyan ay unti-unti ng nawala dahil na rin sa impluwensiya ng makabagong teknolohiya at sa mga palabas na hindi na nagdudulot ng maganda sa mga kabataan ngayon. Ang pagiging konserbatibo ay hindi kahinaan. Sa pamamagitan nito pinapahalagahan ng bawat isa ang sariling kapakanan at sariling puri.

Ang paglapit ng mga Pilipino sa mga Albularyo ay ang pagpapagamot nila ng mga karamdamang malala at kung minsan ay hindi naipaliwanag ng siyensiya. Ito ang pinahiwatig ng awitin ng Awiting Albularyong Buta ni Max Surban. Ang Albularyo ang nilalapitan ng mga tao sa baryo para magpagamot. Makikita ito sa liriko ng awiting nasa ibaba.

*“May buta nga albularyo  
Mananambal sa among baryo  
Bisan tuod siya buotan  
Usahay may pagkabilyako  
Tanang sakit iyang tambalan  
Bisan pa ug maengkanto  
Ang uban kanila mangaayo*

Ayon kay Cerio (2020), ang Albularyo ay nakapagpapagaling sa paniniwalang ng isang tao o lugar ay may kakayahang makapaggamot at magpagaling, na ang isang nilalang o bagay ay maaaring mag-alis ng isang sakit o mapawi ang anumang sakit na nararamdaman sa pamamagitan ng pagkonekta sa isang mas mataas na kapangyarihan. Dagdag pa niya, itinuturo din ng Albularyo ang iba't ibang bagay na nakakasakit, depende sa paniniwala ng lugar sa mga kakaibang nilalang tulad ng mga duwende, nuno sa punso, lamang lupa, tikbalang at kapre. Ang mga ritwal na ginagawa ng albularyo sa kanyang paggamot ay kinabibilangan ng tawas at luop, gamit ang iba't ibang panlunas tulad ng tapal, lunas, kudlit, pangkontra, bulong, at orasyon. Kadalasang maririnig sa albularyo na ang sanhi ng pagkakasakit ay nanuno, nadwende at na-lamang-lupa. Sa awiting ito, makikita ang pagpapahalaga sa mga naninirahan sa kalikasan na hindi makikita sa mga mata ng tao. Isa rin itong babala sa bawat isa na huwag sirain ang yamang likha o bigay ng Panginoon sa bawat isa dahil lahat ng ito ay may taga-bantay na pinaniniwalaan ng mga albularyo.

Ang awiting Mr. Kodaker ay nagpapakita ng pagpapahalaga sa pagiging maniniyot o photographer. Pinakikita dito ng mang-aawit na hindi lamang ito basta-basta na hilig bagkus ito isang hanapbuhay at sinig. Mababakas ang pagmamalaki at pagpapahalaga ng mang-aawit sa lirikong ito.

*“Maniniyot (maniniyot)  
Trabaho ko maniniyot  
Kodaker (kodaker)  
Ako si Mr. Kodaker”*

Sa Cebu may iilang lugar dito na may mga *maniniyot o photographer* pa tulad ng Sto. Nino Church at may iilan din sa mga plasa at iba pang tourist spot. Sa Maynila, sa makikita rin sila sa Luneta Park. Hindi lamang buhay ng tao ang kanilang nakukuhanan ng larawan kundi maging ang kultura at kasaysayan ng bansa. Bahagi na ng kulturang Pilipino ang mga maniniyot o photographer bilang sinning at bilang hanapbuhay. Noong taong 1990 hanggang 2000, malakas pa kita ng mga maniniyot ngunit dahil sa pagpasok ng mga makabagong teknolohiya tulad ng cellphone, humina na ito. Kaya isa ito sa malaking daguk na kinakaharap ng mga maniniyot. Ito rin ang epekto ng industriyalisasyon at pag-unlad ng isang lugar. Kung may mga uusbong, may mga gawain talagang hihina rin at kung minsan ay mawawala pa.

Ang awiting Sabungero ay umiikot sa lalaking nalulong sa pagsasabong na kung saan ang kanyang asawa ay hindi na natutuwa at nasisiyahan sa kanyang pinaggagawa. Ginawa na ng asawa mga bagay na pwedeng makapagbago sa kanyang asawa. Dumating sa puntong kanya na itong pinupuntahan sa sabungan na dinadalhan ng palakol para lamang ito ay mamulat sa kanyang masamang bisyo. Pinapahiwatig lamang sa mga kilos ng babae ang kagustuhan niyang magbago ang asawa nang sa gayon ay mailigtas ang kanilang pagsasamahan o pamilya. Makikita sa ibaba ang liriko na nagpapakita sa ginawa ng babae sa kanyang kabiyak.

*“Labihan niyang hadluka niadtong tungura  
Ang iyang asawa nag-andam na'g atsa  
Milurat ang mata nga daw mata ni drakula  
Iyang gibakakan nga siya gikuutan”*

Wala talagang magandang dulot ang pagsasabong sa pamilyang Pilipino. Sinisira lamang nito ang maayos at magandang samahan. Ayon sa isang artikulo na isinulat ni Pelayo (2021), *“Dahil ang sabong ay sugal ng mahihirap sa kanayunan, ang lupain ng mga magsasaka ay naisanla na, wala na sa pagmamay-ari nila. Nakasangla ang kalabaw nila, nawawala ang. Bahay, naremata at nawasak ang pamilya.. Marami na rin ang nagnanakaw.”*

Sa pagsusuri sa norms na pinalulutang sa mga piling awitin ni Max Surban, natuklasan na ang Pasayawa Ko Day, Albularyong Buta, at Mr. Kodaker ay nauuri bilang folkway at ang Sabungero naman ay nauuri bilang law.

Ang norms ay tumutukoy sa mga pag-uugali, kilos, o gawi na binuo at nagsisilbing mga pamantayan sa lipunan. Ayon kay Fuentes (2018), Ang mga norm ang nagsisilbing batayan ng mga ugali, aksyon, at pakikitungo

ng isang indibid wal sa lipunang kaniyang kinabibilangan. Ang norms ay nauuri sa apat ito ang folkway, mores, taboo at law.

Ang Pasayawa ko Day, Albularyong Buta, at Mr. Kodaker na mga awitin ni Max Surban ay mauring Folkway dahil sa sumasalamin ito sa kaugalian ng mga Pilipino. Ayon kay Sager (2021), ang folkway ay nakatuon sa mga kaugaliang sinusunod ng mga tao sa isang lipunan na karaniwang hindi nakasulat. Natutunan ito sa tulong ng intuition o sa paglaki ng isang tao sa pamamagitan na rin ng pakikisalamuha sa iba. Ang tradisyunal na panliligaw, paniniwala sa albularyo, paniniwala sa mga pamahiin at ang pagpapahalaga sa biyayang pangkalikasan ay iilan lamang sa mga halimbawa nito na repleksyon sa apat na awiting nabanggit. Dagdag pa, ang folkway ay nagsisilbing pangkalahatang batayan sa kilos ng mga tao sa isang grupo o sa isang lipunan sa kabuoan. Sa apat na awiting sinuri, iisa lamang ang nabibilang sa law at ito ay ang Sabungero. Ang bilang uri ng norms ay nagsasaad sa pagiging legal at illegal ng isang gawain o kaugalian. Ang pamahalaan ay nakikitang ito ay nakasisira sa kaayusan at buhay ng mga tao sa lipunan. Ito ang ipinapakita ng awiting Sabungero na kung saan sinisira na nito ang buhay ng mag-asawa dahil sa pagsasabong. Upang makontrol ang gawain at pampalipas ng oras na ito ng mga Pilipino nagpalabas si Pangulong Ferdinand Marcos ng isang batas na Cockfighting Law of 1974 na nagkokontrol sa gawain ng pagsasabong. Ito ay pinapayagan lamang sa mga itinalagang sabungan lamang at kailangan makakuha ng permit mula sa pamalahaan bago ito payagan. Kung sino man ang illegal na gumagawa nito ay huhulihin na posibleng sanhi ng pagkakulong at pagmumulta. Ayon kay Hayek (2021), ang batas o law ay ipinatutupad para maiwasan ang mga masasamang pangyayari, gawi o pag-uugali na magdudulot kapamahamakan, kaguluhan at panganib sa buhay ng mga tao.

Sa pagsusuri sa mga simbolong pumapailalim sa mga piling awitin ni Max Surban, natuklasan an ang sumusunod na simbolo: pag-ibig, espesyal na kapangyarihan, hanapbuhay at sining, at paghihirap. Ang simbolo ay isa sa mga elemento ng kultura na nakatuon sa pagbibigay o paglalapat ng kahulugan sa isang bagay, gawain, kaugalian ng mga taong gumagamit o gumagawa nito Fletcher (2021). Kung walang mga simbolo, walang komunikasyon at walang pakikipag-ugnayan ng mga tao sa lipunan ay magiging posible.

Ang awiting Pasayawa Ko Day ay sumisimbolo ng pag-ibig. Ang pagdaan sa proseso ng panliligaw at hindi pagsuko sa mga pagsubok na ibinibigay ng nililigawan ay tanda ng tunay na pag-ibig. Ayon kina Mitoyen, Quigley, & Fusani, (2019), ang panliligaw ay isang gawain ng taong nangingibig o nanunuyo sa isang taong napupusuan niya.

Ito ay isang paraan ng pagpapahayag ng damdamin at pagpapakita ng isang hangarin upang makamit ng magkasintahan ang pagtanggap at pagmamahal ng kanyang puso. Ang pag-ibig ang pinag-ugatan ng mga lakas ng loob ng mga nanliligaw kung bakit na sinusuong nila lahat gaano man kahirap ang pagdadaan.

Ang Albularyong Buta ay simbolo ng espesyal na kapangyarihan na taglay ng mga tradisyunal na manggagamot. Espesyal na kapangyarihan sapagkat hindi lahat ay may kakayahan na makapagpagaling ng mga sakit kahit na hindi ginagamot ng doktor. Ang mga albularyo ay naniniwala na ang kanilang kakayahang manggamot ay galing sa Panginoon kaya nga ang kanilang proseso ng panggagamot ay may halong ritwal at dasal. May mga lugar pa sa Pilipinas na sa mga tradisyunal pa na manggagamot lumalapat ang mga tao sa pagpapagamot. Nakaugat na talaga sa Pilipinas ang pagtangkilik sa mga Albularyo. Kabilang na ito sa pagkakilanlan ng bansa na mahirap mabura.

Ang awiting Mr. Kodaker ay sumisimbolo sa hanapbuhay at sining ng paniniyot o photography. Ang paniniyot ay pampalipas-oras ng maraming Pilipino. Ito ang isa sa mga napag-iimbakan ng mga tao sa kanilang mga magagandang alaala sa bawat pamamasyal na ginagawa. Higit sa pagiging pampalipas oras, ito rin ay napagmumulan ng hanapbuhay ng mga karamihan sa Pilipinas. Katunayan, kapag pumupunta ang isang turista sa isang lugar ay may mga maniniyot na kung saan ay magboboluntaryo silang kuhanan ng larawan kapalit ang bayad. Ang paniniyot o photography ay isang sining din. Ayon nga kay Well (2021), sa panahon ng Renaissance, ang photography isang sining sa paglalahad ng mga bagay na nagtataglay ng estitika. Sa pag-usbong ng panahon lumago ang sining na ito ngunit humina naman ito bilang hanapbuhay dahil marami ng mga teknolohiya na may



magagandang camera tulad ng cellphone.

Ang awiting Sabungero ay simbolo ng paghihirap. Paghihirap dahil naging sanhi ito ng pagkaubos ng kayamanan ng isang tao na nagiging sanhi ng pagkabaon ng utang at pagkasira ng pamilya. Masasalamin sa awitin ang pag-aaway ng mag-asawa dahil sa pagsasabong.

Ayon kay Cabadsan (2019), ang pagsasabong nakaapekto sa resources ng pamilya tulad ng pera maliban dito, nawawalan na rin ng oras ang isang taong nagsasabong sa kanyang pamilya na karaniwang humahantong sa pag-aaway. Ang pagsasabong ay hindi masama kung ito ay pampalipas oras lamang ngunit kung ito magiging sugal na, dito na magsisimula ang pagiging negatibo nito sa lipunan. Bahagi na ito ng kulturang Pilipino ngunit noon hindi ito sugal bagkus pang-alihw lamang ito ng mga tao.

## Talahanayan 2

### *Pagsusuri sa Pangnilalamang Pangkasaysayan*

Piling Awitin	Pangnilalamang Pangkasaysayan	
	Karanasan	Kaganapan
1. Pasayawa Ko Day	Mahirap na karanasan	Ligawan
2. Albularyong Buta	Nakakatawang karanasan	Panggagamot
3. Mr. Kodaker	Kababalaghan at nakakatakot na karanasan	Lamayan at Kasalan
4. Sabungero	Mapait na karanasan	Pagsasabong

Sa Talahanayan 2, magaganap ang pagsusuri sa mga pangnilalamang konsepto ayon pangnilalamang kasaysayan ng mga piling novelty songs ni Max Surban. Inilahad ang datos sa tulong ng mga talahanayan. Ito ang nagbibigay daan sa payak na paglalahad ng mga datos.

Ang pangnilalamang kasaysayan ay nakatuon sa pinag-ugatan sa pagkakasulat ng mga akdang pampanitikan tulad ng mga awitin. Masasalamin ito sa karanasan at kaganapang mababanaag sa akda. Sa pagsusuri ng mga awitin sa pangnilalamang kasaysayan natuklasan na ang mga karanasang ipinakita ay pinaghalong mahirap, nakakatawa, kababalaghan, nakatatakot, mapait at masaya. Nasuri naman na ang iniikutang kaganapan sa mga piling awitin ay ang ligawan, panggagamot, lamayan, kasalan, at pagsasabong. Makikita sa ibabang talahanayan ang kabuoang resulta ng pagsusuri.

Ang awiting Pasayawa ko Day ay naglalaman ng karanasang mahirap. Pinapakita ng manunulat ang hirap na pagdadaan ng nanliligaw sa kanyang nililigawan. Ang panliligaw niya ay kailangan dumaan sa mga pagsubok ng dalaga. Sa kabilang banda, makikita na ang kaganapang pinag-iikutan ng awitin ay ligawan o panliligaw. Makikita ito sa liriko ng awiting na:

*“Pahaloka ko Day  
Halok lang sa uban  
I-i-ikaw ma’y gusto ko  
Nganong ako nga anaa may uban  
Maghalok gyud ta Day  
Di lagi ko kay wa ako’y gusto”*

Mababakas ang pagtangi ng dalagang nililigawa pero hindi pa rin huminto ang binate sa panunuyo ng kanyang gusto. Ang liriko rin ng awitin ay nagpapalutang sa ligawang nagaganap.

Ang Albularyong Buta ay kasasalamin ng mga nakatatawang karanasan ng mga nanggagamot. Ang paraan din ng pagkalahad ng mga liriko ng kanta ay nakakatawa. Pinapakita rin dito ang kaganapang panggagamot na siyang pinakapuso ng awitin. Mapapansin ito sa liriko ng awiting na:

*“Dunay babayeng masakiton  
Gitambalan niya’g orasyon  
Ang albularyo mapahiyumon  
“Mihapuhap sa sakit sa pus-on  
Ang babaye ‘sab diay alisto*

*Managang ug dayong panapo  
Kay kon mohikap ang buta nga albularyo  
Basig mahikapan ang dili mao”*

Ipinakita sa lirikong ito ang kaganapang panggagamot ng isang babae na kung ilarawan ay nakakatawa dahil kailangang mag-ingat ng dalaga sa pagpapagamot dahil baka mahihipuan. Ang paraan ng pagkagamit ng wika ay puno ng talinghaga na nasa anyong katawa-tawa.

Mababakas sa awiting Mr. Kodaker ang karanasan ng karakter na kababalaghan o nakakatakot. Kababalaghan na bunga ng mga kuha ng larawan ng maniniyot na hindi pangkaraniwan. Dalawang kaganapan ang pinagtutuonan ng awitin, lamayan at kasalan. Nasa ibaba ang pagpapatotoo nito.

*“Nangudak ako’g patay  
Sa silingan nga balay  
Ang pamilya nanghilak hasta ang nanagbilar  
Misinggit ako’g smile  
Unya gi-flash ko ang kodak  
Ni-smile silang tanan bisan ug naga-hilak”*

Ipinakita ng liriko na ang ginawang pagkodak ay naganap sa lamayan o sa may yumaong kapamilya. Nagawa ni Mr. Kodaker na pangitiin ang mga namatayan sa pagkuha ng larawan. Iba naman ang kaganapang ipinakita sa mga liriko ng awiting na:

*“Gi pa-posing ko ang tanan  
Background sa bag-ong gikasal  
Mga pamilya mi apil naghuot sa may altar  
Gi pitik ko’s makadaghan  
Aron makuha ang tanan  
Milurat sa ritrato  
Ang pari lang ug sacristan”*

Ang liriko sa itaas ay kababakasan ng kaganapang kasalan ngunit nahaluan ng kababalaghan. Batay sa naging resulta pagkuha ng larawan, may mga hindi naisali kahit na kabilang sa pagkuha ng litrato. Para sa kulturang Pilipino, nagpapahiwatig ito ng masamang pangitain. Isang kababalaghan at nakatatakot ang pinalulutang nito.

Mapait na karanasan naman ang mababakas sa awiting Sabungero kung saan pinalulutang ito sa kaganapang pagsasabong ng isang taong nalulong sa gawaing ito. Ang pagiging mapait na karanasan ay bunga ng hindi magandang dulot nito sa relasyon ng mag-asawa na nag-aaway na hanggang sa mauwi sa paggamit ng mga kasangkapan pwedeng maging dulot ng pagkamatay. Mababanaag sa liriko sa ibaba ang pinangingibabaw nitong karanasan at kaganapan.

*“Labihan niyang hadluka niadtong tungura  
Ang iyang asawa nag-andam na’g atsa  
Milurat ang mata nga daw mata ni drakula  
Iyang gibakakan nga siya gikuutan”*

Ang pait ng karanasan dito ay nakatuon sa buhay ng asawang nagtitiis sa kanyang kabiyak na nalulong sa pagsusugal ng sabong. Ang liriko sa itaas ay nagpapakita sa sukdulang galit ng babaeng asawa na dinalhan niya ito ng atsa o palakol upang saktan ito. Dumating na sa punto na punong-puno na ang asawa sa galit na handa na niyang manakit upang maipakita ang kanyang nararamdaman sa kapares.

### Talahanayan 3

#### *Pagsusuri sa Gamit ng Wika*

Piling Awitin	Gamit ng Wika	Pahiwatig sa Lipunan
1. Pasayawa Ko Day	Nag-eengganyo/phatic	Ang pagiging Konserbatibo ng mga Pilipino
2. Albularyong Buta	Nagbibigay-kaalaman/informational	Ang pagkahilig ng mga Pilipino sa Tradisyunal na Manggagamot

3. Mr. Kodaker	Nagpakilala/expressive	Ang pagiging maparaan ng mga Pilipino upang mabuhay
4. Sabungero	Nagbibigay-kaalaman/informational	Ang pagkahumaling ng mga Pilipino sa pagsasabong

Sa Talahanayan 3, magaganap ang pagsusuri sa mga pangnilalamang konsepto ayon sa gamit ng wika ng mga piling novelty songs ni Max Surban. Inilahad ang datos sa tulong ng mga talahanayan. Ito ang nagbibigay daan sa payak na paglalahad ng mga datos.

Ang gamit ng wika ay nakatuon sa paraan kung paano ginagamit ang wika sa paglalahad ng impormasyon. Ayon kay Leech (2013) ang gamit ng wika ay nauuri sa sumunod: Nagbibigay-kaalaman o informational, nagpakilala o expressive, nagtuturo o directive, estetika o aesthetic at nag-eengganyo o phatic.

Sa pagsusuri sa gamit ng wikang pinangingibabaw sa mga awitin ni Max Surban, natuklasan na namayani sa mga gamit ng wika ay ang nagbibigay-kaalaman o informational kung saan dalawa sa mga ito nakatuon sa gamit na ito. Maliban dito, pinalutang din ang gamit na nag-eengganyo o phatic at nagpakilala o expressive.

Ang awiting Albularyong Buta at Sabungero ay pinasibol ng gamit ng wika na nagbibigay-impormasyon. Ang paraan ng paglalahad ng mga awitin ay naghahayag ng mga kamalayan sa mga tagapakinig. Sa Albularyong Buta ibinihagi ng manunulat ang mga gawain ng isang Albularyo at ang mga karanasan ng mga nagpapagamot sa kanya. Isinawalat dito na hindi lahat ng nagpapagamot ay napagagaling ng albularyo. Makikita ito sa liriko sa ibaba:

*“May buta nga albularyo  
Mananambal sa among baryo  
Bisan tuod siya buotan  
Usahay may pagkabilyako  
Tanang sakit iyang tambalan  
Bisan pa ug maengkanto  
Ang uban kanila mangaayo  
Ang uban usab mamenteryo”*

Sa kabilang banda, sa awiting Sabungero naman, isiniwalat dito ng manunulat ang karanasan ng isang sabungero at ang naging kinahinatnan ng pagkalulong sa sugal. Ipinaalam sa mga tagapakinig sa awitin na walang mabuting dulot ang pagsusugal. Mababakas ito sa lirikong inilahad sa ibaba.

*“Duna'y sabungero, manok ra'y trabaho  
Buntag, udto hapon manok hapu-hapon  
Ang iyang asawa labihan nang ituka  
Manok nga pinangga sa kaha gipahapla”*

Ayon kina Wenda at Labobar (2022), ang tula ay mga akdang nagpapalutang ng gamit ng wikang Impormatibo. Ang gamit ng wika na impormatibo ay nagsasalaysay ng mga pangyayari, karanasan at kaalaman na buhat mula sa obserbasyon ng isang tao.

Ang awiting Pasayawa Ko Day naman ay gumagamit ng nag-eengganyo o phatic. Ipinakikita ito sa paghiling ng binata isayaw ang babae. Isa itong anyo ng pag-eengganyo upang mapasunod ang babae sa gusto ng lalaki. Ipinakita naman dito ang pagtanggap ng babae na sinusunod naman ng babae. Nagpapakita rin ang awitin ng pagtatanungan o pakikipagpalitan ng usapan na palantandaan ng pagiging handa o bukas sa pakikipagtalastasan. Makikita ito sa liriko sa ibaba:

*“Pasayawa ko Day  
Sayaw lang sa uban  
Ikaw ma'y gusto ko  
Nganong ako nga anaa may uban  
Magsayaw-gyud ta Day  
Di ko lagi kay wa ako'y gusto”*

Ayon kay Aprilia (2022), ang mga tula ay instrumento sa paglalahad ng ugnayan ng mga tao sa lipunan. Ito

ay instrumento sa pagpapakita ng talastasan at hudyat ng komunikasyon.

Ang awiting Mr. Kodaker, pinalulutang din nito ang gamit ng wika na Personal sapagkat ginagamit nito ang wika sa paglalahad ng personal na nararamdaman at emosyon ng isang Kodaker. Nagpakilala rin dito ang Mr. Kodaker sa kanyang trabaho. Nilalahad sa awiting ito ang buhay ng isang Mr. Kodaker at ang kanyang mga naging saloobin sa bawat karanasan niya. Makikita ito sa sumusunod na liriko:

*“Nangudak ako’g patay  
Sa silingan nga balay  
Ang pamilya nanghilak hasta ang nanagbilar  
Misinggit ako’g smile  
Unya gi-flash ko ang kodak  
Ni-smile silang tanan bisan ug naga-hilak”*

Ayon kay Halliday (2004), ang personal na gamit ng wika ay nakatuon sa paggamit ng wika upang makakapagpahayag ng sariling damdamin, emosyon o opinyon.

Bawat awitin ni Max Surban ay may kahulugan sa lipunang Pilipino. Ang mga ito ay ang sumusunod: ang pagiging konserbatibo ng mga Pilipino, ang pagkahilig ng mga Pilipino sa Tradisyunal na Manggagamot, ang pagkuha ng larawan bilang hanapbuhay sa lipunang Pilipino, at ang pagkahumaling ng mga Pilipino sa pagsasabong.

Ang awiting Pasayawa ko Day ay nangunguhugan ng pagiging konserbatibo ng mga Pilipina sa lipunan. Ipinapahiwatig nito na hindi basta-basta nagpapadala ang mga kababaihan sa lipunan sa kahit sinumang mga lalaking nanliligaw. Bilang bahagi ng kulturang panliligaw ng mga Pilipino, pinadadaan talaga ng mga kalalakhian ng maraming pagsubok bago pa man nito makuha ang matamis nilang “oo”.

Sa kabilang banda, ang awiting Albularyong Buta, ang pagkahilig ng mga Pilipino sa Tradisyunal na Manggagamot ay pinahiwatig nito. Ang tradisyunal na manggagamot o Albularyo ay bahagi na sa lipunan o kulturang Pilipino lalong-lalo na sa mga lugar na malayo sa mga ospital. Ang pinanaligan ng mga tao sa paggamot ng kani-kanilang sakit ay ang mga albularyo. Kahit na sa mga siyudad na moderno na at marami ng mga doktor, may mga tao pa ring nagpapagamot sa mga albularyo. Ipinahiwatig lamang nito ang pagtangkilik ng mga Pilipino sa mga Albularyo at sila ay naging bahagi na ng kultura sa Pilipinas sa larangan ng medisina.

Ang awiting Mr. Kodaker naman ay nangangahulugan ng pagiging maparaan ng mga Pilipino upang mabuhay. Pinakita dito ang pagpasok ng tauhan sa awitin sa pagiging maniniyot kahit na hindi niya ito kabisado. Unang trabaho niya ay ang pagiging manananggot na malayo talaga sa pagiging maniniyot. Lumabas dito ang pagiging maparaan ng Pilipino na kahit ano ay papasukan basta lamang mabuhay at kumita ng pera sa pamilya.

Ang awiting Sabungero naman ay nangangahulugan ng pagiging mahilig ng mga Pilipino sa pagsasabong. Ang gawaing ito ay pampalipas oras lamang noong una ngunit nang maglaon ay naging sugal na. Hindi na ito nagdulot nang kabutihan sa pamilyang Pilipino na humahantong sa pagkasira ng relasyon ng mag-asawa. Ganito rin ang nangyayari sa tunay na kalagayan ng mga sabungero sa kasalukuyang panahon.

Sa kabuoan, sa mga awitin ni Max Surban, napalulutang ang kahulugan mga awitin sa tulong sa bawat gamit ng wika. Napakahalaga ng wika sa pagsulat ng mga akdang pampanitikan at tulong nito napalalabas ang karanasan, kaalaman, saloobin o emosyon at damdamin ng sinumang manunulat.

#### **4. Kongklusyon at rekomendasyon**

Batay sa ginawang pagsusuri sa mga Novelty Songs ni Max Surban, nakita na ang kabuoang konsepto nito ay sumasalamin sa totoong kulturang Filipino pati ang gamit ng wika sa mga piling awitin. Mula sa kinalabasan ng pag-aaral, iminumungkahi ang mga sumusunod: Una, ay ang pagtuturo ng mga panitikang lokal upang mapatibay ang lokalizado at kontekstuwalisadong pagmamaraan. Pangalawa, ay ang pagkakaroon ng mga pananaliksik na naratibo at etnograpiko nang maidokumento ang mga nakatagong kulturang mahalaga sa pagbuo

ng pagkakakilanlan ng lugar. Pangatlo, ay ang pagsasagawa ng pagsusuring pampanitikan para sa pagtuturo ng wika at panitikan. Panghuli, ay ang pagkakaroon ng seminar-worksyap sa mga guro hinggil sa pagtuturo ng panitikang lokal. Magiging makabuluhan ito sa mga mag-aaral dahil nagpapakita ito ng pag-unawa at pagpapahalaga sa kanilang sariling kultura at wika. Maaari rin silang magkaroon ng pagkakaisa at tiwala sa kanilang sariling kakayahan na ipakita ang kanilang kulturang Pilipino sa kanilang sariling mga akdang pampanitikan at likha. Inirerekomenda rin na gamitin ito ng mga guro dahil makakakuha rin sila ng pang-unawa at kasanayan sa pagtuturo ng lokal na literatura at ipakita ang kahalagahan ng pag-aaral at pagpapahalaga nito. Ang mga resulta ng pananaliksik na ito ay magagamit din sa pagpapalawak ng kaalaman tungkol sa kultura ng Pilipinas gayundin sa pagtuturo ng wika at panitikan.

## 5. Sanggunian

- Amat, A. B. (2020). Translation and cultural analysis of the epic "Datu Somangga and Bubu of Huamianun" of Francisco I. Alzina. *International Journal of Research*, 9(8), 1-14.
- Amparo, J. B. (2020). Pagsasapanganib ng Wika at Rebaytalisasyon ng Wika sa Polisyang Pangwika na Mother Tongue-Based Multilingual Education (MTB-MLE) sa Iloilo: Pagtingin sa Maykro lebel na Pangangasiwang Pangwika. *Daluyan: Journal ng Wikang Filipino*, 26.
- Aprilia, H. (2022). Speech functions in the Ellen Degeneres's show. *UC Journal: ELT, Linguistics and Literature Journal*, 3(1), 24-44.
- Bacalla, L. (2021). Paglalapi ng mga pandiwa sa Sinugbuanon'g Binisaya: Modelong estruktural at sosyolingguwistiko. *Lukad: An Online Journal of Pedagogy*, 1(1), 5-19.
- Cabadsan, J. (2019). Lived experiences of countryside couples with husband engaged in cockfighting. *Journal of Academic Research*, 4(1), 22-30.
- Cerio, C. T. (2020). Albularyo folk healing: cultural beliefs on healthcare management in Partido District, Camarines Sur, Philippines. *JATI-Journal of Southeast Asian Studies*, 25(1), 210-237.
- CHED. (2013). *General education curriculum: Holistic understandings, intellectual and civic competencies*. Retrieved from <https://ched.gov.ph/wp-content/uploads/2017/10/CMO-No.20-s2013.pdf>
- Cruz, J. B. D., & Manarang, O. (2020). Ang pagbungkal sa konseptong relihiyon sa talasalitaan ni Bergaño bilang pagtutulay sa kultura-pananampalataya ng mga kapampangan sa Ika-18 Siglo.
- Del Castillo, F., & Alino, M. A. (2020). Religious coping of selected Filipino Catholic youth. *Religions*, 11(9), 462.
- Deped. (2017). *The learning action cell as a K to 12 basic education program school-based continuing professional development strategy for the improvement of teaching and learning*. Retrieved from <https://www.deped.gov.ph/2016/06/07/do-35-s-2016>
- Fletcher, A. (2021). *Allegory: The theory of a symbolic mode*. Princeton University Press.
- Fortunato, T. (2017). *Mga pangunahing etnolingguwistikong grupo sa Pilipinas*. Anvil Publishing.
- Fuentes, J. M. E. (2018). *Tugmaang Pambata: Diskriminasyong Pangkasarian*.
- Gadong, E. L. (2017). Localization and contextualization as approaches in implementing K-12 Basic Education Curriculum. *Journal of Education and Practice*, 8(11), 100-107.
- Gilbas, S. A. (2020). Hispanic poems in Philippine literature: Materials in teaching regional culture and history. *The Normal Lights*, 14(1).
- Gonda, M. E., & Malacapo, E. A. (2012). *The Varsitarian: The Official Student Publication of the University of Santo Tomas*'
- Halliday, M. A. (2019). Linguistic function and literary style: an inquiry into the language of William Golding's 'The Inheritors'. In *Essays in modern stylistics* (pp. 325-360). Routledge.
- Hayek, F. A. (2021). *Law, Legislation, and Liberty, Volume 19* (Vol. 19). University of Chicago Press.
- Kartashkova, F. I., & Belyaeva, L. E. (2022). Colour Meaning in English Literary Pieces. *RUDN Journal of Language Studies, Semiotics and Semantics*, 13(1), 201-212.
- Leech, G. (2013). *The pragmatics of politeness*. Oxford University Press.
- Mabilin, E. (2012). *Transpormatibong komunikasyon sa akademikong Filipino*[Transformative communication

- in Filipino academics]. Mutya Publishing House.
- Merriam-Webster, D. (2018). America's Most-Trusted Online Dictionary.
- Mitoyen, C., Quigley, C., & Fusani, L. (2019). Evolution and function of multimodal courtship displays. *Ethology*, 125(8), 503-515.
- Pangan, S. (n.d.). Ligawan at Suyuan: Ang Konsepto ng Panliligaw o Panunuyo sa Panulaang Pilipino at Latin Amerika. Retrieved from [https://www.academia.edu/36263910/Ligawan\\_at\\_Suyuan\\_Ang\\_Konsepto\\_ng\\_Panliligaw\\_o\\_Panunuyo\\_sa\\_Panulaang\\_Pilipino\\_at\\_Latin\\_Amerika](https://www.academia.edu/36263910/Ligawan_at_Suyuan_Ang_Konsepto_ng_Panliligaw_o_Panunuyo_sa_Panulaang_Pilipino_at_Latin_Amerika)
- Pelayo, J. (2021). Masahol pa sa shabu': Masamang epekto ng e-sabong dapat tingnan. Retrieved from <https://news.abs-cbn.com/news/12/02/21/masamang-epekto-ng-e-sabong-dapat-tingnan-ex-mayor>
- Roxas, V. Y. (2021). Larawan ng Kababaihan sa Cyberspace.
- Sager, T. (2021). *An Autoethnographic Study of Cultural Folkways, Intergenerational Trauma, and Grief through Personal Artwork* (Doctoral dissertation, Pratt Institute).
- Toledo, J. L. C. (2018). Ang Pulis at Pushang sa Halim ng Tulay: Komparatibong Pagbasa sa Dalawang Popular na Awit. *Daluyan: Journal ng Wikang Filipino*, 24.
- Tyson, L., Sarmiento, P. J., Sibug, N., Ignacio, R., & Masbang-Velasquez, J. (2018). Till Death Do Us Part: The Concept of Catholic Marriage among Filipino College Students. *The International Journal of Interdisciplinary Cultural Studies*, 13(3), 15.
- Well, L. (2021). On and beyond the white walls: Photography as art. In *Photography* (pp. 327-396). Routledge.
- Wenda, D., & Labobar, M. W. (2022). Informative Function in the Contents of Preachers' Sermons in Jayapura Churches. *ELS Journal on Interdisciplinary Studies in Humanities*, 5(3), 460-467.